CITY OF OAKLAND
Rent Adjustment Program
Department of Housing and Community Development

Emerhensyang Moratoryum sa Pagtaas ng Renta at Pag-Evict

Madalas na Katanungan (FAQ)

Anong mga petsa kung kailan epektibo ang moratoryum?

Ang Konseho ng Lungsod ng Oakland ay ipinasa ang moratoryum noong Biyernes, Marso 17, 2020, at epektibo kaagad, at tuluyan ito hanggang Mayo 31, 2020, maliban kung pahabain pa ang petsa na iyan.

Kailangan ba na ipaalam ng mga tenant sa may-ari sa isang kasulatan na hindi sila makakabayad ng renta dahil sa COVID-19?

Hindi. Kahit na hindi naman kinakailangan na magbigay ng notisya sa May-ari na hindi sila makakabayad ng renta dahil sa COVID-19, hinihikayat ng Rent Adjustment Program na ang tenant ay hangga't maari ay magsabi o maki-usap sa posibilidad na di siya makakabayad ng renta, at itago ang lahat ng rekord ng pag-uusap o kasulatan.

Kailangan ba na ang mga tenant ay magbigay ng pruweba sa may-ari ng propyedad na ang kita nila ay nabawasan dahil sa COVID-19?

Hindi. Kahit na ang may-ari ay di ma-atasan ang tenant na magbigay ng pruweba ng kabawasan ng kita dahil sa COVID-19, hinihikayat ng RAP na ang may-ari at tenant ay magtulungan at magsama sa bawat isa sa panahon ng moratoryum.

Kailangan ba na ang tenant ay magbayad ng renta habang mayroon moratoryum?

Oo. Kahit na hindi maaring ma-evict ang tenant kapag hindi magbayad ng renta dahil sa kawalan ng kita kaugnay sa coronavirus pandemic, hindi mapawi ng emerhensyang ordinansya ang obligasyon ng tenant na magbayad ng mga atrasadong renta dahil sa moratoryum.

Anong mangyayari kapag ang lease ng tenant ay nag-expire sa gitna ng moratoryum?

Ang katapusan ng lease ay hindi makatwiran na dahilan upang i-evict ang tenant. Ang pagkaroon ng dyagnosis ng coronavirus, ang pagbenta ng propyedad, at foreclosure ay hindi rin katwiran para mag-evict sang-ayon sa Just Cause ng Ordinansya sa Pag-Evict.

Anong mangyayari kapag tapos na ang moratoryum?

250 Frank H. Ogawa Plaza, Suite 5313
Oakland, CA 94612
www.oaklandca.gov/RAP
(510) 238-3721

Kapa tapos na ang moratoryum, ang mga batas ng Oakland tungkol sa pag-evict at pagkontrol ng renta ay mag-aplay muli. Ang renta na hindi nabayaran ay kailangan bayaran. Kahit na ang may-ari ng propyedad ay hindi makapag-evict sa di kabayaran ng renta dahil sa coronavirus pandemic, sila ay maaring magsakdal ng small claims upang mabawi ang utang na renta.

250 Frank H. Ogawa Plaza, Suite 5313
Oakland, CA 94612
www.oaklandca.gov/RAP
(510) 238-3721